AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## WRITING PROMPTS FOR GRADE 1 TO HIGH SCHOOL

### Aralin 8

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting manunulat! Handa ka na bang magsulat ng iyong kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating isulat ang laman ng ating isipan. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Writing Prompts for Grades 1 to High School - Aralin 8** |
| --- |
| Theme: Isumbong mo kay Rodulfo (Writing Letters) |
| Content Creator: Antonio F. Zulueta Jr. |

**ISUMBONG MO KAY RODULFO**
**(Writing Letters)**

**WRITING PROMPT LESSON 8- ANG BULLY NG BUHAY KO BINUBULLY**

**---**

Magandang buhay mga makata!
Sa linggong ito, kunwari tayo ay si Rodolfo Tulfo, anak ni Raffy Tulfo, na merong radio show, na tawag sa kanya ay ISUMBONG MO KAY RODULFO. Araw-araw sasagot tayo ng tanong galing sa isang bata namomoblema.

Itong araw ang tanong natin ay galing kay Maki galing Makati. Si Maki ay nagtatanong:

- *Rudulfo, kamusta? What's up my man! Heto si Maki, matagal na akong nakikinig ng radio show ninyo.*
- *Gusto ko lang ikwento tong froblema kong si Jayross. Si Jayross binubully ako lagi. Kasi lahat daw ng salitang may "f" ko, na nagiging "p".*
- *Araw-araw finapahiya niya talaga ako sa klase. Fagnatatawag kasi ng attendance, hindi ko maiwasan magsabi ng fresent.*

- *Ngunit isang araw, nafansin ko na si Jayross ay umiiyak sa tabi. Kaya tinanong ko ang kaklase kong si Feter, sabi niya dahil ito sa pagbubully ni Fhilif.*
- *Nung lumafit nga ako kay Jayross fara malaman kung faano siya matutulungan, nagalit siya.*
- *Rudulfo, parang gusto kong tumulong, pero paano?*
- *Makikitanong sa Makati, Maki*

Naku Rodulfo, kaya mo bang sagutin to? Kung kaya, siguraduhin mong masasagot mo itong mga tanong: bakit mahalagang gawin ni Rodulfo Ang payo mo? Ano ang magiging implikasyon kung ginawa nya Ang payo mo? Ano Ang mga magiging implikasyon kung hindi niya magagawa to?

Galingan ninyo mga makata! Aalalanin ninyo na kahit bully pa yan, masakit at mali Ang mambully! Gumawa ng tama lagi!

“This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.”